

# BAGONG 2024

# Update sa Medi-Cal

Mayroon nang ganap na saklaw sa **Medi-Cal** para sa mga indibiduwal na may karapat-dapat na kita anupaman ang **EDAD** o **KATAYUAN SA IMIGRASYON**



## Maaapektuhan ba ng Medi-Cal ang Aking Katayuan sa Imigrasyon?

Hindi isinasaalang-alan ng imigrasyon ang paggamit ng mga benepisyo sa kalusugan, pagkain, at pabahay bilang bahagi ng pasya sa pampublikong pananagutan. Kaya ang paggamit ng mga benepisyo sa Medi-Cal ay **HINDI MAKAPIPINSALA** sa katayuan ng imigrasyon mo o ng iyong pamilya o posibilidad ng pagkuha ng green card (maliban sa pangmatagalang pangangalaga sa institusyon, tulad ng sa tahanan pangangalaga, na binabayaran ng Medi-Cal). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pampublikong pananagutan, mangyaring i-scan ang QR code na ito o bumisita sa:



<https://keepyourbenefits.org>

## Ano ang Maaaring Isaklaw ng Medi-Cal?

Ang ganap na saklaw ng Medi-Cal ay nag-aalok ng kumprehensibong saklaw para sa iyo at iyong pamilya. Kabilang sa ilan sa mga serbisyo ang:

- ▶ Mga pagbisita sa doktor
- ▶ Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang
- ▶ Iniresetang mga gamot
- ▶ Pangangalagang dental
- ▶ Pangangalaga sa paningin
- ▶ Mga serbisyong nagpapatibay ng kasarian
- ▶ Mga serbisyo sa emerhensiya
- ▶ Pagpigil at paggamot ng HIV
- ▶ Panganagalaga sa kalusugan ng isip
- ▶ Pangangalaga sa paggamit ng sangkap
- ▶ Transportasyon para sa medikal na mga serbisyo



## Sino ang Karapat-Dapat?

Ang pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal ay pangunahing batay sa iyong kita at panirahan sa estado. Simula Enero 1, 2024, lahat ng mga Taga-California na may karapat-dapat na kita ay kwalipikado para sa ganap na saklaw sa mga benepisyo sa Medi-Cal **ANUPAMAN ANG EDAD O KATAYUAN SA IMIGRASYON**. Kung ikaw ay nakatala na sa saklaw sa emerhensiya o limitadong saklaw sa Medi-Cal, ikaw ay awtomatikong itatala sa ganap na saklaw sa Medi-Cal. **I-scan ang QR code sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkalkula sa kita at laki ng sambahayan.**

## Ano ang Kailangan Ko Upang Magpatala?

- ▶ **ID na may larawan** tulad ng lisensya sa pagmamaneho, pasaporte, ID sa paaralan, tsapa sa trabaho, ID ng konsulado, isang pagkakakilanlan na binigay ng pamahalaan ng iyong bansang tinubuan, atbp.
- ▶ **Patunay ng kita** na may pahayag ng tseke, sulat mula sa iyong employer, pahayag ng buwis, pahayag ng bangko na nagpapakita ng direktang deposito, nakasulat na pahayag sa isang karapat-dapat na manggagawa na naglalarawan ng iyong kita, atbp.
- ▶ **Patunay ng panirahan ng California** na may kasunduan sa upa, mga singil sa palingkurang bayan, atbp. Kung ikaw ay dumaranas ng kawalan ng tahanan, maaari kwalipikado ka pa rin.



**MAG-INGAT SA MGA SCAM**

**HINDI** kailanman mangangailangan ang Medi-Cal ng bayad upang mag-apply o magpanibago ng iyong saklaw sa kalusugan.

Kung makatanggap ka ng tawag o text na humihingi ng bayad upang magpanibago, iulat ito sa: Tumawag sa linya ng tawag sa pandaraya ng Medi-Cal sa **(800) 822-6222**.

## MAG-APPLY Ngayon!



Sa pamamagitan ng telepono: **1(800) 300-1506**



[www.coveredca.com](http://www.coveredca.com) (Medi-Cal at Covered CA ay *parehong gumagamit ng aplikasyong ito*)

[www.BenefitsCal.com](http://www.BenefitsCal.com) (Medi-Cal at ibang mga serbisyong panlipunan)



Sa personal: <https://bit.ly/DHCSO>



**Mag-apply sa pamamagitan ng koreo:** Napi-print na mga aplikasyon sa Medi-Cal dito:

<https://bit.ly/APPLY4MEDICAL>



Mayroon kang karapatan na tumanggap ng libreng tulong sa aplikasyon sa iyong pangunahing wika.



## Kailangan ng Tulong?

Upang matutuo ng higit pa tungkol sa pampublikong pananagutan, pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, tinatanggap na mga dokumento sa pagpapatala, at higit pa, i-scan ang QR code o pumunta sa:

[www.allinforhealth.org](http://www.allinforhealth.org)